

Gabay sa Naloxone (Narcan) para sa mga Hotel ng Pagbubukod at Kuwarentena ng Lungsod ng New York sa Panahon ng Pandaigdigang Epidemya ng COVID-19

Nanatili ang mga kamatayan sa lampas sa dosis na paggamit na kritikal na usapin sa panahon ng pandaigdigang epidemya ng karamdamang coronavirus 2019 (COVID-19). Maaaring nasa tuminding peligro ang mga tao na nagbubukod o nasa kuwarentena sa mga hotel sa lampas na dosis ng paggamit ng opioid bilang resulta ng:

- Pagiging sapilitang pag-alis sa kanilang karaniwang kapaligiran
- Pagbubukod mula sa mga social network
- Tuminding stress
- Mga pagbabago sa resistensiya sa gamot dahil sa mga pagbabago sa akses sa medikasyon o mga gamot

Ang naloxone ay isang ligtas na medikasyon na maaaring iligtas ang buhay ng isa sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa mga epekto ng labis na dosis ng opioid. Gumagana lang ito sa mga opioid, tulad ng heroin, iniresetang painkiller at fentanyl ngunit ligtas itong gamitin kahit na walang mga opioid. Ang naloxone ay magagamit ng sinuman na gusto nito.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan sa Pag-iisip ng Lungsod ng New York (Kagawaran ng Kalusugan ng NYC) ay ipinapayo na ang lahat ng mga hotel sa pagbubukod at kuwarentena ay magkaroon ng mga Kit sa Pagsagip ng Lampas sa Dosis na may naloxone sa mismong lugar sa pagkakataon ng mga emergency na nauugnay sa opioid. Ang sumusunod na gabay ay nilayon sa ahensiya ng pamahalaan at kinontratang kawani ng tagapagkaloob na nangangasiwa o nag-aalok ng mga serbisyo sa mga hotel ng pagbubukod at kuwarentena.

Mga Kit sa Pagsagip ng Lampas sa Dosis sa mga Hotel ng Pagbubukod at Kuwarentena

Ano ang Kit sa Pagsagip ng Lampas sa Dosis?

Naglalaman ang bawat kit mula sa Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ng dalawang non-latex na guwantes, dalawang dosis ng naloxone nasal spray, isang insert na may mga tagubilin sa Espanyol at Ingles tungkol sa pagtugon sa isang lampas sa dosis, at isang pantakip sa mukha upang isagawa ang pagsagip sa paghinga.



Saan dapat itago ang mga Kit sa Pagsagip ng Lampas sa Dosis?

Ilagay ang isang kit sa isang prominenteng lokasyon sa bawat palapag kung saan nagbubukod o nagkakuwarentena ang mga panauhin. Maaaring itago ang mga karadagang kit sa kawani o sa front desk. Ilagay ang mga kit sa parehong lokasyon sa bawat palapag (halimbawa, malapit sa mga elevator o hagdanan, malapit sa mga awtomatikong panlabas na defibrillator). Abisuhan ang lahat ng kawani at

panauhin kung saan matatagpuan ang mga naloxone kit. Itago ang mga tagubilin kasama ng mga kit at magpaskil ng isang kopya ng isang pahina na sheet ng tagubilin na malapit sa mga kit.

Sino ang maaaring gumamit ng isang naloxone kit?

Sinuman — kasama ang kawani ng suportang medikal, ibang kawani ng programa at panauhin — ay maaaring gumamit ng isang naloxone kit upang gamitin sa isang lampas sa dosis na paggamit ng opioid.

Anong pagsasanay ang kinakailangan sa paggamit ng naloxone?

Kapag ginagamit ang mga naloxone kit, ang mga courier ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang magsasanay sa sinumang kawaning medikal o ibang kawaning suporta sa mismong lugar. May kasama ang bawat naloxone kit ng isang karagdagang isang pahina na sheet ng tagubilin na binubuod ang mga hakbang sa pagtugon sa isang lampas na dosis sa panahon ng pandaigdigang epidemya ng COVID-19. Sa katapusan ng kanilang shift, maaaring dagliang sanayin ng kawani ang mga magiging katrabaho o turuan sila na repasuhin ang sheet ng tagubilin. Walang kinakailangan upang sanayin ang mga panauhin, ngunit ang mga tagubilin sa paggamit ay dapat na itago kasama ng mga kit. Ligtas at madaling gamitin ang naloxone.

Ano ang dapat gawin ng aking ahensiya kung kailangan namin ng mas maraming naloxone kit?

I-email ang naloxone@health.nyc.gov upang abisuhan ang Kagawaran ng Kalusugan ng NYC kung gumamit ng naloxone, o upang humiling ng mga karagdagang kit.

Ano ang proteksiyon sa pananagutan na mayroon sa mga tao na gumagamit ng naloxone?

Sa ilalim ng [Seksiyon 3309 ng Batas sa Pampublikong Kalusugan \(Public Health Law Section 3309\)](#), sinuman na tumutugon sa lampas na dosis ay may proteksiyon laban sa pananagutang sibil, kriminal at administratibo hangga't makatuwiran silang kumikilos at may mabuting kalooban. Nag-aalok din ang [Batas sa Mabuting Samaritano na 911 ng Estado ng New York \(New York State 911 Good Samaritan Law\)](#) ng proteksiyon mula sa paglilitis sa kapwa tao na tumatawag sa 911 at ang indibidwal na lumampas sa dosis dahil sa pagkakaroon ng hanggang 8 ounce ng narkotiko, alkohol (para sa mga manginginom na wala pang sapat na edad), cannabis (anumang dami), paglabag sa batas sa pagkakaroon ng gamit sa droga at anumang paglabag sa batas sa pagbebenta. Hindi ito nagbibigay ng mga eksplisitong legal na proteksiyon para sa mga paglabag sa batas sa probation o parole, paglabag sa mga bukas na mandamiyento o usapin na nauugnay sa imigrasyon o kapakanan ng bata.

Kung may anumang mga tanong ka, paki-email ang naloxone@health.nyc.gov. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang nyc.gov/health at hanapin ang "[naloxone](#)".

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng Lungsod ng New York ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.

5.12.20